

PANUKALA K SA BALOTA:

Lungsod ng San José



Ang mga absentee ballot, o mga balota para sa mga botanteng ikokoreo angkanilang balota, ay ipapadala simula ang linggo ng Mayo 10, at ang halalan ay gaganapin sa Martes, Hunyo 8.

Itong Araw ng Halalan, iisipin ng mga naninirahan ang isang panukala sa balota na may kaugnayan nang tiyakan sa mga cardroom, o mga kasino para sa mga larong baraha, sa San José. May ibinibigay na paglarawan sa ibaba.

Kung maaprobahan ang Panukala K, itataas nito ang antas ng buwis sa mga gross revenue (mga kita bago kinaltas ang mga gastos) ng mga cardroom, o mga kasino para sa mga larong baraha, mula 13% papuntang 15%, papayagan ang mga cardroom na hilingin ang pahintulot ng Lungsod na itaas ang dami ng mga mesa mula 40 papuntang 49, aalisin ang hangganan sa dami ng mga pinapayagang larong baraha sa pamamagitan ng pagpapahintulot ng anumang larong baraha na pinapahintulot sa ilalim ng batas ng Estado kasang-ayon sa mga regulasyon ng Lungsod, itataas ang kasalukuyang hangganan sa halagang maaring ipusta (betting limit) mula \$200 papuntang ang halagang pinapahintulot sa ilalim ng batas ng estado. Karagdagan, mananatili sa Konseho ng Lungsod ang kapangyarihang ibahin o ipawalang-bisa ang mga tadhana sa Ordinansa ng Lungsod sa Paglalaro (Titulo 16 ng Ordinansang Munisipal ng Lungsod) upang baguhin ang mga regulasyon ng Lungsod sa pamamahala ng paglalaro. May karagdagang impormasyon sa ibaba hinggil sa mga tiyak na katangian ng Panukala K.

Ang pagtaas ng antas ng buwis sa mga gross revenue (mga kita bago kinaltas ang mga gastos) ng mga cardroom, o kasino para sa mga larong baraha, mula 13% papuntang 15%

Sa kasalukuyan, ang antas ng buwis sa mga gross revenue (mga kita bago kinaltas ang mga gastos) ng mga cardroom, o kasino para sa mga larong baraha, ay nakatakda sa 13%. Kung maaprobahan ang Panukala K, ang antas ng buwis sa mga gross revenue (mga kita bago kinaltas ang mga gastos) ng mga cardroom, o mga kasino para sa mga larong baraha, ay tataas papuntang 15%, na magreresulta humigit-kumulang sa bagong, patuloy na taunang kita sa halagang \$1.95 milyon mula sa 80 mesa na pinapahintulot sa Lungsod sa kasalukuyan. Ipinapalagay nitong tinantiyang kita ang mas mataas na antas ng buwis para sa kasalukuyang 80 mesa at ang kita bawat mesa sa kapwa cardroom, o mga kasino para sa mga larong baraha, ay magiging kasing taas ng mga kasalukuyang kita. Kung hindi maaprobahan ang Panukala K, ang antas ng buwis sa mga gross revenue (mga kita bago kinaltas ang mga gastos) ng mga kasino para sa mga larong baraha ay mananatili sa 13%, at hindi matatamo ng Lungsod ang tinantiyang karagdagang kita mula sa pagbubuwis ng mga Kasino para sa larong baraha.

Pararamihin ang dami ng mga card table ng 18 mesa

Ang bawat sa dalawang cardroom, o mga kasino para sa mga larong baraha, ng Lungsod ay may 40 mesa. Kung maaprobahan ang Panukala K at ang bawat cardroom ay humiling at tumanggap ng pahintulot mula sa Lungsod para sa 9 na karagdagang mesa, pararamihin at gagawing 98 nito ang kabuuang dami ng mga mesa sa Lungsod, na magreresulta sa tinantiyang bagong, patuloy na taunang kita sa halagang \$3.30 milyon. Ipinapalagay nitong tinantiyang kita ang 15% na antas ng buwis, ang paggamit ng dalawang cardroom ng Lungsod ng lahat ng karagdagang 18 na card table at ang kita bawat mesa sa kapwa kasino para sa mga larong baraha ay magiging kasing taas ng mga kasalukuyang kita. Kung hindi maaprobahan ang Panukala K, ang kabuuang dami ng mga mesa ay mananatili sa 80, at hindi matatamo ng Lungsod ang tinantiyang karagdagang kita mula sa pagbubuwis ng mga Kasino para sa larong baraha.

Aalisin ang hangganan sa dami ng mga pinapayagang larong baraha sa pamamagitan ng pagpapahintulot ng anumang larong baraha na pinapahintulot sa ilalim ng batas ng Estado kasang-ayon sa mga regulasyon ng Lungsod


Sa ilalim ng Titulo 16, ang dami ng pinapayagang laro para sa bawat cardroom ng Lungsod ay limitado sa 21. Kung maaprobahan ang Panukala K, dadami ang mga larong papahintulutan sa ilalim ng Titulo 16 upang mabilang ang anumang larong pinapahintulutan sa ilalim ng batas ng Estado. Karagdagan, aalisin ng panukalang ito ang kinakailangan na maaring malaro sa bawat cardroom ang lahat ng mga laro. Subalit mananatili sa Lungsod ang kapangyarihang aprobahan ang bawat pinapayagang laro upang matiyak na ang mga ito ay kasang-ayon sa mga regulasyon ng Lungsod. Kung hindi maaprobahan ang Panukala K, ang dami ng pinapayagang laro ay mananatili sa 21 at ang mga laro ay kakailanganing maaring malaro sa kapwa cardroom, o kasino para sa mga larong baraha.

Aalisin ang hangganan ng Lungsod sa halagang maaring ipusta (betting limit) at papahintulutan ang hangganang autorisado ng Batas ng Estado

Sa ilalim ng Titulo 16, ang kasalukuyang pinakamalaking halaga na maaring ipusta ay \$200. Kung maaprobahan ang Panukala K, ang hangganan ng halagang maaring ipusta ay sasang-ayon sa batas ng Estado, na sa kasalukuyan ay hindi nagtatakda ng mga hangganan sa mga halagang maaring ipusta. Samakatwid, ang mga cardroom ay papayagang magtakda ng mga hangganan para sa bawat mesa at bawat laro. Kung hindi maaprobahan ang Panukala K, ang hangganan sa halagang maaring ipusta ay mananatili sa \$200.

Pag-audit at Pangangasiwa

Sa kasalukuyan, sa ilalim ng Kapitulo 4.77 at Titulo 16, ang Lungsod ay may karapatang i-audit ang mga cardroom at sa ilalim ng Titulo 16, ang mga cardroom ay maaaring pangasiwaan ng Lungsod. Hindi iniiba ng iminungkahing ordinansa ang mga tadhana hinggil sa pag-audit at pangangasiwa. Mananatili sa Konseho ng Lungsod ang kapangyarihang ibahin o ipawalang-bisa ang mga tadhana ng Titulo 16 upang baguhin ang mga regulasyon ng Lungsod sa pamamahala ng paglalaro.



PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON: Maaring pumunta ang mga naninirahan sa website ng City Clerk sa <http://www.sanjoseca.gov/clerk/elections/Election.asp> upang makabasa ng karagdagang impormasyon tungkol sa panukalang ito, kabilang ang Walang-pinapanigang Pagsusuri ng Abugado ng Lungsod, mga Katwirang Pumapanig at Kumontra sa Panukala at ang buong teksto ng Panukala.